



# Insurance sa Baha para sa mga Nangungupahan

Hindi sakop ng insurance ng nangungupahan ang pinsala dahil sa baha. Karamihan sa mga nangungupahan ay bumibili ng insurance sa baha sa pamamagitan ng Pambansang Programa ng Insurance sa Baha (NFIP). Depende sa kung saan ka nakatira, ang gastos ay maaaring makatwiran.

## Ano ang dapat mong malaman:

Tanging ang mga kagamitan lamang sa loob ng iyong tirahan ang maaaring masakop ng insurance sa baha para sa nangungupahan sa pamamagitan ng NFIP. Walang pansamantalang upa. Walang gastos sa paglipat. Mayroong mga limitasyon para sa mga mahahalagang bagay.

## Kailan ka sakop ng insurance sa baha?

Sakop ang nangungupahan ng insurance sa baha ng NFIP pagkatapos bahain ang dalawa o higit pang acre ng karaniwang tuyong lupa o ang dalawa o higit pang ari-arian (kabilang ang sa iyo) dahil sa...

- Pag-apaw ng mga anyong-tubig
- Pag-agos ng naipong tubig-ulan mula sa anumang pinagmulan
- Pagbaha ng putik
- Pagbagsak ng lupa sa baybayin ng lawa o parang lawa na anyong-tubig dahil sa pagguho ng lupa

Hindi ka sakop ng insurance sa baha ng NFIP para sa mga nangungupahan kung...

- Ang iyong bahay ay binaha sa anumang kadahilanan na wala sa listahan sa itaas
- Ang bahay mo lang ang binaha
- Ang iyong mga gamit ay nasira ng halumigmig, o amag na maaari mong maiwasan